



Mga hinihingi sa pagdating sa estado at teritoryo

Pangkalahatang Ideya

Ang bawat estado at teritoryo ng Australia ay may sariling kaayusan sa pagpasok at kinakailangan na kailangan mong sundin. **Ang mga kinakailangan ay magkakaiba sa bawat teritoryo at maaaring magbago sa maikling abiso.**

Dapat mong alamin kung maaari kang makapasok sa mga estado at teritoryo kung plano mong magbyahe. Ang ilan sa mga estado at teritoryo ay humihingi ng karagdagang palugit para sa mga internasyonal na manlalakbay.

Maaaring hindi ka payagang makapasok, o maaaring kailangan mong i-quarantine. Responsibilidad mong sumunod sa mga paghihigpit at kinakailangan sa pagbibiyaha na naaangkop sa iyo. Kapag hindi ka sumunod, maaari kang managot sa seryosong kaukulangparusa, kabilang ang pagkakakulong at malaking multa.

Partikular na, dapat mong pagtuunan ng pansin ang mga hinihingi ng alinmang estado at teritoryo na nauugnay sa:

- mga form sa pagpaparehistro sa pagpasok sa hangganan ng teritoryo
- kuwarantenas
- mga kinakailangan sa pagsusuri pagkadating mo
- mga kinakailangan sa domestiko na pagbabakuna.

Maaaring kailanganin mong kumpletuhin ang maraming form sa pagpasok at pagpaparehistro para sa mga estado at teritoryo.

Mga anak

Ang mga anak na wala pang 12 taong gulang ay maaaring maglakbay sa ilalim ng parehong kaayusan katulad ng mga bakunadong manlalakbay kapag naglalakbay kasama ng kumpletong nabakunahan na mas nakatatandang mga miyembro ng pamilya. Ang mga batang edad 12 taon pababa ay kabilang sa kumpletong nabakunahan para sa mga layuning paglalakbay.

Ang mga estado at teritoryo ay nagpapahintulot sa hindi bakunado at hindi kumpleto ang bakuna na mga bata na may edad 12-17 magbiyahe kasama ang nakatatanda na may kumpletong bakuna.

Kung ang isang bata ay nagbibiyahe kasama ng hindi nabakunahang nakatatanda na mga miyembro ng pamilya, ang buong grupo ng pamilya ay maaaring sumailalim sa darating na paghihigpit sa pasahero at dapat tugunan ang mga kinakailangan sa pagdating sa estado at teritoryo. Baka kailanganin mong magkuwarantena. Dapat mong suriin ito, at alinman sa iba pang mga kinakailangan para sa lahat ng estado at teritoryo kung saan ka sasakay at magbibiyahe.

Para sa karagdagang impormasyon sa paparating na paghihigpit sa pasahero, tingnan ang Department of Infrastructure (Kagawaran ng Imprastraktura), Transportasyon, Regional Development and Communications (Pangrehiyong Pag-unlad at Komunikasyon) [COVID-19 at mga pasahero](#).

Mga form sa pagpaparehistro sa pagpasok sa hangganan ng teritoryo

Ang ilan sa mga estado at teritoryo ay nangangailangan ng pandaigdigang pagbiyahe para makumpleto ang karagdagang form at dokumentasyon bago dumating. Ang impormasyong ito ay tutulong sa mga estado at teritoryo na maghanda at magplano para sa inyong pagdating. Maaari rin itong hingin para sa pagpapahintulot ng iyong pagpasok sa mga estado at teritoryo.

Tandaan na ang mga form ng pagpaparehistro ng estado at teritoryo ay **karagdagan sa Digital Passenger Declaration (DPD)**. Maaaring kailanganin mo ring kumpletuhin ang karagdagang pagpasok o form ng pagpaparehistro para sa mga estado o teritoryo kung saan ka nagbibiyahe pagkatapos mong makapasok sa Australia (domestiko na pagbiyahe).

Kuwarantenas

Ang mga estado at teritoryo ay responsable sa pagtukoy at pangangasiwa ng mga kinakailangan sa quarantine. Kailangan mong sundin ang mga requirements sa estado o teritoryo ng kung saan ka darating, at mga estado o teritoryo kung saan ka maglalakbay pagkatapos mong makapasok sa Australia (domestic na pagbiyahe).

Bago ka mag-book ng iyong flight, siguruhing nasuri mo ang lahat ng nauugnay na [mga kinakailangan sa quarantine ng estado at teritoryo](#).

Ang mga biyaherong kumpleto ang bakuna na papasok sa Australia mula sa ibang mga bansa ay maaaring makakuha ng binago o binawasang mga kaayusan sa kuwarantena. Ang mga kinakailangan sa kuwarantena ay maaaring magbago sa maikling abiso.

Kung ang isang bata ay nagbibiyaha kasama ng walang bakunang mga nakatatanda na miyembro ng pamilya, ang buong grupo ng pamilya ay sasailalim sa kuwarantena at paghihigpit sa pasahero para sa pagdating sa estado o teritoryo ng Australia.

Tandaan na sa ilang estado at teritoryo, ang mga batang hindi nabakunahan o hindi kumpleto ang bakuna na may edad 12 hanggang 17 na babalik sa Australia ay hindi makapasok sa paaralan 7 araw pagkadating. Hindi sila makakabisita sa ibang mga lugar, tulad ng pangangalaga sa bata, mga pasilidad na tinitirhan sa pangangalaga sa may edad, mga pasilidad sa pangangalaga o ospital hanggang 14 araw pagkatapos dumating. May mga inilalapat na pagbubukod para sa pang-emergency na medikal na pangangalaga. Tingnan ang [mga kinakailangan sa estado at teritoryo ng quarantine](#).

Mga kinakailangan sa pagsusuri sa COVID-19 pagkadating

Karamihan sa mga estado at teritoryo ay hihingi sa iyo ng pagsusuri sa COVID-19 pagkadating mo.

Dapat mong tingnan ang mga kinakailangan sa pagsusuri para sa lahat ng estado at teritoryo kung saan ka darating, magbibiyaha at maglalakbay.

Tandaan na ang iyong mga kailangan sa pagsusuri pagkadating ay **karagdagan** sa hinihingi sa iyo na magbigay ng negatibong pagsusuri sa COVID-19 bago ang iyong flight paalis patungo sa Australia.

Mga kinakailangan sa domestiko na pagpapabakuna

Maaaring hilingin sa iyo ng mga teritoryo at estado na maging [updated sa iyong bakuna COVID-19](#) para mag-access sa ilang venue at serbisyo (halimbawa, para pumasok sa mga restawran, non-essential na mga tinding tindahan, mga sinihan, amusement park o pagdalo sa mga kasal at libing).

Kahit natugunan mo ang mga kinakailangan sa 'ganap na pagpapabakuna' para makapasok sa Australia, maaaring hindi maging 'updated' para sa mga domestiko na sitwasyon.

Ang mga internasyonal na biyahero na dumating sa Australia ay hinihimok na i-access ang programa sa booster na pagpapabakuna ng Australia upang maging updated sa kanilang mga bakuna. Ang bawat isa sa Australia ay makakakuha ng libreng bakuna sa COVID-19, kabilang ang mga visa holder na Australiano.

Domestikong pagbibiyahe na biyahe sa Australia

Dapat mong sundin ang mga kinakailangan sa quarantine para sa mga estado at teritoryo kung saan ka magbibiyahe gamit ang transit. Maaaring kailanganin mong manatili sa tinutuluyang hotel at maaaring magbayad ka sa iyong pananatili habang hinihintay ang susunod mong flight.

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon sa mga kinakailangan sa estado at teritoryo, kabilang ang kuwarantena, ang pagsusuri sa COVID pagkatapos mong dumating, at mga pamantayan ng domestikong pagpapabakuna, tingnan ang nauugnay na [mga kinakailangan sa estado at teritoryo](#).